



ANG LUNSOD NG SAN DIEGO

# Paunawa ng Pampublikong Pagdinig

Ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay magsasagawa ng isang pampublikong pandinig upang isaalang-alang ang iminumungkahing pagtaas ng presyo ng tubig pangunahin bilang resulta ng pagtaas ng Awtoridad ng Tubig ng County ng San Diego para sa pakyawang halaga ng tubig.

Ang mga interesadong partido ay iniimbitahang dumalo. Basahin ang nasa loob upang makakuha ng karagdagang kaalaman.

**Nobyembre 21, 2013  
10:00 a.m.**

City Administration Building  
202 "C" Street, 12th Floor  
Council Chambers

**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig**  
Informasyon sa Loob

Ang kasulatan na ito ay matatagpuan din sa [www.sandiego.gov](http://www.sandiego.gov), sa wikang Tagalog. Este Material esta disponible en Espanol en la pagina electronica: [www.sandiego.gov](http://www.sandiego.gov)

THE CITY OF SAN DIEGO  
202 C Street, MS 2P  
San Diego, California 92101



PRESORTED  
STANDARD  
U.S. POSTAGE PAID  
SAN DIEGO, CA  
PERMIT NO. 9

## IMINUMUNGKAHING MGA PRESYO AT MGA SINGIL NG SERBISYO NG TUBIG

Ang Konseho ng Lunsod ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang iminumungkahing mga pag-aakma sa mga presyo ng tubig. Ang pulong ay gaganapin sa Nobyembre 21, 2013. Sa pagdinig na ito isasaalang-alang ng Konseho ng Lunsod ang rekomendasyon na taasan ang mga presyo sa Enero 1, 2013 at Enero 1, 2015, pangunahin upang mabawi ang tumaas na halagang sinisingil ng Awtoridad ng Tubig ng County ng San Diego para sa pakyawang tubig.

### Iminumungkahing Bagong mga Presyo ng Tubig Batay sa Aksyon ng Awtoridad ng Tubig ng County

Sa bawat isa ng nakaraang dalawang taon ang Awtoridad ng Tubig ng County ng San Diego (San Diego County Water Authority, CWA) ay nagtaas sa marami ng presyong sinisingil nito para sa inangkat na tubig. Ang mga pagtaas na ito ng presyo ay pinairal sa lahat ng ahensiya ng tubig sa county, kabilang ang Lunsod. Ang Kagawaran ng Pamublikong Utilidad ng Lunsod (Kagawaran), sa pamamagitan ng pagiging episyente at mga pagsisikap na makatipid ng gastos ay pansamantalang merchantable ng mga pagtaas na ito ng presyo ng CWA at hindi nagtaas ng mga presyo ng tubig para sa mga parokyano ng Lunsod sa taong 2012 at 2013. Sa hindi pagpasa sa mga pagtaas na ito sa ating mga parokyano, ang Kagawaran ng mga Pamublikong Utilidad ay sumalo sa humigit-kumulang na \$35 milyon sa tumaas na mga halaga ng tubig mula noong Enero, 2012. Gayunman, ngayon ang CWA ay muling nagtataas ng mga halaga ng pakyawang tubig para sa 2014, ang Kagawaran ay nagmumungkahi ng isang pagtaas ng presyo para sa Utilidad ng Tubig na sapat para mabayaran ng utilidad ang tumaas na gastos sa tubig at patuloy na panatilihin ang angkop na mga antas ng pagsakop sa utang na kailangan para sa hindi pa nababayaran mga bono at katayuan ng kredito.

Ang kabuuang pagtaas sa kita dahil sa pagtaas ng presyo sa 2014 ay magiging 7.25%. Ang buong 7.25% ay gagamitin upang pagaanin ang tumaas na gastos ng tubig. Noong 2015, ang kabuuang pagtaas sa kita ay hindi kukulangin sa 5.25% at hindi hihigit sa 7.5%. (Ang mga talahanayan sa Paunawang ito ay nagpapalagay ng 7.5% na pagtaas.) Ang panghuling halaga ng pagtaas sa 2015 ay dedepende sa halagang itataas ng CWA ang mga presyo nito para sa 2015. Lahat maliban sa 0.5 ng pagtaas ay gagamitin upang pagaanin ang gastos sa tubig. Ang 0.5% ay para sa lahat ng pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistema ng Utilidad ng Tubig ng Lunsod.

Dahil ang mga lokal na panustos na tubig ay napakalimitado, ang Lunsod ay dapat bumili ng humigit-kumulang na 85-90% ng tubig na itinutustos nito sa mga parokyano mula sa CWA. Ibinabatay ng CWA ang mga pagtaas nito sa mga gastos para sa sarili nitong impra-istruktura, mga pagpapatakbo at pagpapanatili. Ang mga pagtaas ng CWA ay sumasalamain sa halagang binabayaran nito upang bumili ng tubig mula pinakamalaking pakyawang tagabenta ng tubig, ang Metropolitan Water District of Southern California. Ang CWA ay nag-aproba ng mga pagtaas, simula sa Enero 1, 2014, sa mga pirmihang singil nito – independiyente sa halaga ng tubig na binili, at sa mga singil sa paninda na batay sa halaga ng biniling tubig.

### Iminumungkahing mga Pag-aakma sa Base Fee ng Tubig

Ang mga presyo ng tubig ng Lunsod ng San Diego ay binubuo ng dalawang bahagi: ang Base Fee at Commodity Fee. Ang singil sa Base Fee ay ang halagang batay sa sukat ng metrong idinisenyo upang mabawi ang mga pirmihang gastos, na hindi nagbabago sa dami ng nagamit na tubig ng isang parokyano tulad ng nababasa sa metro, singil sa parokyano, at serbisyo sa utang. Ang Commodity Fee ay ipinapataw upang mabawi ang paiba-ibang gastos batay sa dami ng tubig na ginamit ng mga parokyano ng sistema ng tubig. Ang iminumungkahing mga pagbabago sa presyo ay makakaapekto sa pareho ng Base Fee at Commodity Fee. Sa ilalim nitong iminumungkahing pagtaas ng presyo, ang Base Fee ay bababa para sa lahat parokyano, habang ang Commodity Fee ay tataas.

### Iminumungkahing mga Pag-aakma sa Base Fee ng Tubig

Ang sumusunod na talahanayan ay naglalarawan kung paano ang iminumungkahing mga rekomendasyong presyo ng tubig ay nakakaapekto sa Base Fee para sa mga parokyano ng tubig. Sa pag-aakmang ito sa presyo, ang Base Fee ay tataas. Higit sa 90% ng mga parokyanong nasa Pang-isang Pamilyang Tirahan ay may mga metrong mas mababa kaysa 1-pulgada sa sukat. Kaya, ang malawak na mayoriya ng mga parokyanong nasa Pang-isang Pamilyang Tirahan ay makakakita ng pagbaba ng Base Fee ng 44 sentimos kada buwan. Ito ay dahil sa pagtaya ng mga inaasahang gastos at kung paano ang mga gastos na ito ay dapat ilaan. Ang paglalaan ay inilalapat sa base charge at commodity charge at ayon sa klase ng parokyano. Dapat isagawa ng Lunsod ang pagrepasong ito nang palagian.

**ISANG MAHALAGANG TALA:** Ang mga pigurang kasama sa mga sumusunod na talahanayan ay batay sa mga singil kada buwan. Ang mga parokyano na nasa Pang-isang Pamilyang Tirahan ay tumatanggap ng bill bawat dalawang buwan.

Sukat ng Metro	Base Fee		
	Mga Kasalukuyang Presyo (\$/buwanan)	1/1/2014 (\$/buwanan)	1/1/2015 (\$/buwanan)
5/8 at 3/4 na pulgada	19.33	18.89	20.31
1 pulgada	28.46	25.59	27.51
1 1/2 pulgada	49.34	40.89	43.96
2 pulgada	75.44	60.03	64.53
3 pulgada	136.74	104.98	112.86
4 na pulgada	224.15	169.07	181.75
6 na pulgada	440.73	327.86	352.44
8 pulgada	701.64	519.16	558.10
10 pulgada	1,006.94	742.99	798.72
12 pulgada	1,875.82	1,380.05	1,483.55
16 na pulgada	3,267.86	2,400.67	2,580.72

### Iminumungkahing mga Pag-aakma ng Commodity Fee ng Tubig

Ang Lunsod ay nagtatangkang matupad ang mga sumusunod na hangarin sa iminumungkahi nitong pagbabago ng commodity fee: 1) upang kumuha ng sapat na kita upang masakop ang lahat ng gastos ng pagkakaloob ng serbisyo, habang nagpapanatili ng sapat na pinansiyal na lakas para sa Utilidad ng Tubig at; 2) upang magpadala ng senyas ng presyo na ginagantimpalaan ang mga gumagamit na kaunting tubig, habang nagpapataw ng matataas na presyo sa malalakas gumamit upang himukin ang konserbasyon.

Ang iniaatas na kita ng Utilidad ng Tubig ay nagdidikta ng pangkalahatang pagtaas ng presyo na 7.25% sa 2014 at 7.5% sa 2015. Ang mga bill ng indibidwal na parokyano ay mag-iiba mula sa mga pinakamahirang gumamit na makakakita ng bahagyang pangkalahatang pagtaas sa kanilang kabuuang bill hanggang sa average at malakas na gumamit na makakakita ng pagtaas sa kanilang kabuuang bill.

Ang Lunsod ay nagmumungkahi ng isang apat-na-baitang na istruktura para sa mga parokyano na nasa Pang-isang Pamilyang Tirahan upang palitan ang mga kasalukuyang tatlong-baitang na istruktura. Ang bawat baitang

ay sinusukat sa hundred cubic fee (HCF). Ang isang HCF ng tubig ay humigit-kumulang na 748 galon. Gaya ng inilalarawan ng talahanayan sa ibaba, ang presyo ng unang baitang ay inilalapat sa paggamit ng tubig na hanggang 4 HCF kada buwan; ang presyo ng ikalawang baitang ay inilalapat sa lahat ng tubig na ginamit mula 5 HCF hanggang 12 HCF kada buwan; ang presyo ng ikatlo, na baitang ay inilalapat sa lahat ng tubig na ginamit mula 13 HCF hanggang 18 HCF; at ang presyo ng ikaapat na baitang ay inilalapat sa lahat ng tubig na ginamit na higit sa 18 HCF kada buwan.

Mula noong huling kaso ng presyo noong 2007 ng Utilidad ng Tubig, ang Southern California ay nakaranas ng matitinding pagkatuyo. Bilang resulta, ang kamalayan ng mamimili tungkol sa pangangailangan na magkonserba ng tubig ay napakataas. Dagdag dito, ang nadagdagang paggamit ng mga

aparato na episyente sa tubig (mga palikuran, dishwasher, washer, atbp.) ay nakatulong sa mga parokyano na magkonserba. Upang magkaloob ng insentibo para sa mga nagkokonserba, ang iminumungkahing istruktura ng presyo para sa mga parokyanong nasa Pang-isang Pamilyang Tirahan ngayon ay may kasamang ikaapat na baitang. Itong bagong baitang ay pumapalit sa kasalukuyang Baitang 1 at mas maliit. Ang apat na yunit ng tubig na kasama sa Tier 1 ay may presyong nasa pinakamababa dahil ito ay kumakatawan sa pinakamurang pinagkukunan ng tubig ng Lunsod – lokal na panustos. Bilang karagdagan sa lumalawak na bilang ng mga baitang, ang iminumungkahing istruktura ay nag-aakma rin sa pagkakaiba ng presyo sa pagitan ng mga baitang upang sumalamin nang mas tama sa mga gastos para sa bawat baitang.

Klase	Kasalukuyang Buwanang mga Baitang [*]		Commodity	Iminumungkahing Buwanang mga Baitang [*]		Commodity na Iminumungkahi	
	Mula	Hanggang		Mula	Hanggang	1/1/2014	1/1/2015
	hcf	hcf	Kasalukuyang Presyo	hcf	hcf	\$/hcf	\$/hcf
Isang Pamilya	0	7	3.61	0	4	3.64	3.91
	8	14	3.92	5	12	4.08	4.38
	15+		4.40	13	18	5.82	6.26
				19+		8.19	8.80
Maraming Pamilya			3.92			4.34	4.67
Di Tirahan			3.76			4.17	4.49
Pansmantalang Konstruksiyon			4.01			4.62	4.97
Patubig			4.01			4.62	4.97

[\*] Ang minsan sa bawat dalawang buwan na mga baitang ay dalawang beses na buwanang pataan

**Halimbawa:** Kapag isinama sa bagong mga Base Fee, ang bagong Commodity Fee ay mabisang magtataas ng kabuuang mga presyo ng tubig para sa isang parokyano na nasa Pang-isang Pamilyang Tirahan gamit ang 12 HCF/buwan ng humigit-kumulang na 2.9% (\$1.89 kada buwan). Ang eksaktong halaga ng pagtaas ay mag-iiba sa mga parokyano dahil sa iba't ibang mga antas ng paggamit ng tubig.

Pangkaraniwang Kalkulasyon ng Bill para sa 12 HCF/Buwan			
	Kasalukuyang Bill	Iminumungkahi 1/1/2014	Iminumungkahi 1/1/2015
Pang-isang Pamilya ¾" metro	\$64.20	\$66.09	\$70.99
Pagbabago		2.89%	7.50%

**TALA:** Mangyaring tandaan na ang Lunsod ay sumisingil sa mga parokyanong nasa Pang-isang Pamilyang Tirahan minsan sa bawat dalawang buwan. Ito ay nangangahulugang ang bawat bill na natatanggap ng mga parokyanong ito ay kabilang ang mga singil para sa dalawang buwan ng serbisyo.

### Iminumungkahing mga Pag-aakma ng Presyo sa Serbisyon Kaugnay ng Sunog

Ang pribadong mga serbisyo sa proteksiyon laban sa sunog ay inilalaan sa paraang katulad ng ibang mga serbisyo. Halimbawa, ang isang bahagi ng panustos na tubig ay inilalaan sa proteksiyon laban sa sunog para sa aktuwal na pagpatay ng sunog at mga ehersisyo sa pagsasanay ng pagpatay ng sunog. Ang proteksiyon laban sa sunog ay nangangailangan na ang sistema ng Tubig ay may kapasidad na magkaloob ng maraming tubig para sa maiikling panahon sa sapat na puwersa. Ang iminumungkahing istruktura ng presyo para sa proteksiyon laban sa sunog ay katulad ng ginagamit sa pagbuo ng base fee, pero ang isang sukat ng koneksiyon at proporsiyon ng halaga ay ginagamit sa halip ng mga haydraulikong kapasidad at ang 1.5" koneksiyon ay nagsisilbing pamantayan. Ang talahanayan sa kanan ay naglalarawan ng iminumungkahing mga pag-aakma.

Ang pinakakaraniwang parokyano ng Serbisyo sa Sunog ay may 6" na koneksiyon, na nagreresulta sa kanilang buwanang bill mula \$25.05 patungo sa \$27.23, o isang pagtaas na \$2.18 o 8.7% simula sa Enero 1, 2014.

**TALA:** Isang maliit na porsiyento lamang ng mga parokyano ang may singil sa serbisyo sa sunog sa kanilang bill.

Sukat ng Linya ng Sunog	Proteksiyon Laban sa Sunog		
	Mga Kasalukuyang Presyo (\$/buwanan)	Iminumungkahi 1/1/2014 (\$/buwanan)	Iminumungkahi 1/1/2015 (\$/buwanan)
5/8 at 3/4 na pulgada			
1 pulgada	6.26	2.40	2.58
1 1/2 pulgada	6.26	2.40	2.58
2 pulgada	8.35	3.73	4.00
3 pulgada	12.53	14.42	15.50
4 na pulgada	16.70	18.44	19.82
6 na pulgada	25.05	27.23	29.27
8 pulgada	33.40	38.46	41.34
10 pulgada	41.75	49.68	53.41
12 pulgada	50.10	59.29	63.74
16 na pulgada	66.80	96.14	103.35

# Maaari Ninyong Iprotesta ang Iminumungkahing Pag-aakma ng Presyo

Magagamit ninyo ang porma sa paunawang ito upang iparehistro ang inyong protesta laban sa iminumungkahing pag-aakma ng presyo ng tubig. Makakapili rin kayo na sumulat ng liham sa Lunsod, kasunod ng mga iniaatas sa ibaba, o humarap sa pampublikong pagdinig na nakalista sa pangharap na pabalat ng paunawang ito upang isumite ang iyong nakasulat na protesta.

## Paano Ako Makakalahok?

Ang mga interesadong partido ay maaaring magkomento sa iminumungkahing mga presyo. Ang Saligang-batas ng California Artikulo XIII seksyon 6 (Proposisyong 218) ay nagbabawal sa Lunsod na ipatupad ang mga bagong presyo kung ang isang mayoriya ng apektadong mga may-ari o umuupa ay nagharap ng nakasulat ng mga protesta na sumasalungat sa mga presyo bago matapos ang pampublikong pagdinig. Isang nakasulat na protesta lamang kada apektadong ari-arian ang ibibilang patungo sa protesta ng mayoriya. Ang mga nakasulat ng protesta ay dapat matanggap ng City Clerk, City of San Diego, Mail Station No. 2P, City Administration Building, 202 C Street, San Diego, CA 92101, bago matapos ang pampublikong pagdinig na nakatakda para sa 10:00 a.m., Nobyembre 21, 2013. Ang bawat protesta ay dapat tumukoy sa ari-arian (ang kalyeng direksiyon o Numero ng Parsela ng Tagatasa) at kabilang ang pirma ng may-ari ng ari-arian o nakarekord na parokyano ng utilidad. Bilang pagsunod sa Proposisyong 218, ang mga protesta sa e-mail ay hindi tatanggapin. Ang protesta sa fax ay hindi rin tatanggapin. Bagaman ang mga pasalitang komento sa pampublikong pagdinig ay hindi magiging kuwalipikado bilang mga pormal na protesta maliban kung may kasamang nakasulat na protesta, ang Konseho ng Lunsod ay malugod na tumatanggap sa mga inihahatid ng komunidad sa panahon ng pampublikong pagdinig.

## Ang ilang parokyano ay tatanggap ng maraming paunawa

Upang matiyak na ang lahat ng mga Taga-San Diego ay nabibigyan ng kaalaman tungkol sa posibleng mga pagtaas ng presyo ng tubig, ang mga Paunawang ito ay ipinadadala sa lahat ng mga parokyano ng tubig ng Lunsod ng San Diego. Kung ikaw ay responsable para sa higit sa isang bill, ikaw ay tatanggap ng higit sa isang Paunawa.

### GAMITIN ANG PORMANG ITO UPANG IPROTESTA ANG IMINUMUNGKAHING PAGTAAS NG PRESYO NG TUBIG

Ako, si \_\_\_\_\_ ay nagpoprotesta sa iminumungkahing  
(Ilimbag ang unang pangalan at apelyido)  
pagtaas na ito sa mga presyo ng tubig.

Direksiyon ng Ari-arian o  
Numero ng Parsela ng Tagatasa: \_\_\_\_\_

Pirma: \_\_\_\_\_

Kung nais mong gamitin ang pormang ito bilang iyong protesta, mangyaring kumpletuhin at ipadala sa isang may-selyong sobre sa:  
City Clerk, City of San Diego, City Administration Building, 202 C Street, MS 2P, San Diego, CA 92101  
o ihatid ito sa Klerk ng Lunsod bago matapos ang Pampublikong Pagdinig sa Nobyembre 21, 2013.

Ang materyal na ito ay makukuha sa isang alternatibong mga anyo kapag hiniling upang pagbigyan ang mga taong may kapansanan o hindi nagsasalita ng Ingles. Upang umorder ng impormasyon sa isang alternatibong anyo, o upang makipag-ayos para sa senyas na wika o interpreter sa salita sa pagdinig sa Nobyembre 21, 2013, mangyaring tawagan ang opisina ng Klerk sa o bago ang Nobyembre 8, 2013 sa (619) 533-4000 (boses) o (619) 236-7012 (TTY).